# Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) ng CCS
## Fact Sheet

Public Health Department
Alameda County Health

## Ano ang ECM?

- Ang ECM ay bagong benepisyo para sa mga kliyenteng may Medi-Cal.
- Libre ang ECM.
- Ang ECM ay nagbibigay ng karagdagang suporta nang higit sa sinasakop ng CCS.
- Ang bawat kwalipikadong kliyente ay magkakaroon ng Lead Care Manager.
- Ang mga Lead Care Manager ay nakikipagtulungan sa mga kliyente at pamilya para tumulong sa mga pangangailangan sa buhay at kalusugan. Nakikipag-usap din sila sa mga Nurse ng CCS at ibang provider para tulungan ang mga kliyenteng makuha ang pangangalagang kailangan nila.

**Para alamin pa, tumawag sa CCS ECM Helpline ng Alameda County: 510-208-1030 o mag-email sa CCSECM@acgov.org.**

## Sino ang maaaring makakuha ng ECM?

Mga kliyente ng CCS na mga miyembro ng Alameda Alliance o Kaiser Medi-Cal AT kung sino ang may iba pang alalahanin na nakakaapekto sa kanilang kalusugan, tulad ng:

- Walang bahay
- Mga pangangailangan sa pagkain
- Mga isyu sa kalusugan ng isip o pagkalulong sa droga o alak
- Mga pagpunta sa ospital



## Paano makakapag-apply ang mga kliyente para sa ECM?

- Dapat maaprubahan ang mga kliyente para sa ECM ng kanilang plano sa Medi-Cal (Alameda Alliance o Kaiser).
- Ang mga miyembro ng Alameda Alliance ay maaaring humiling ng ECM sa pamamagitan ng pagtawag sa Alameda Alliance Case Management Department sa 510-747-4512.
- Ang mga miyembro ng Kaiser ay maaaring humiling ng ECM sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-721-6012 (TTY 711).
- Bisitahin ang CCS ECM web page para sa mga link sa mga referral form: https://acphd.org/ccs/ecm/.

**Tawagan ang Alameda County CCS ECM Help Line (510-208-1030) para makakuha ng tulong sa pag-aapply para sa ECM.**

## Paano nakakatulong ang Alameda County CCS sa ECM?

- Ang CCS ay nagbibigay ng mga serbisyo ng ECM para sa mga kliyenteng inaprubahan ng Alameda Alliance. Ang mga kliyente ay maaari ring pumili ng ibang provider ng ECM na nakikipagtulungan sa Alameda Alliance.
- Ang mga kawani ng CCS ay maaaring tulungan ang mga miyembro ng Kaiser na mag-apply sa Kaiser ECM.